s

COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Pagsusuri sa Pasukan

Kabilang sa mga makabuluhang pagbabago:
8/6/21: Nagdagdag ng sanggunian (reference) sa Gabay para sa mga Negosyo at Amo (Employer). Binago ang listahan ng mga taong hindi dapat pinapahintulutang pumasok. Tinanggal ang sampol (sample) ng template sa pagsusuri.
7/30/21: Nagdagdag ng mga sanggunian (reference) sa mga patakaran sa pagsusuri sa pasukan ng Cal/OSHA at CDPH.

Ang pagsusuri sa pasukan ay isang estratehiya upang tumulong limitahan ang pagkalat ng COVID-19. Ito ay inaatas ng Cal/OSHA para sa lahat ng mga empleyado bago pumasok sa lugar ng trabaho. Inaatas din ito ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH) para sa lahat ng mga bisita sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan (AFL 20-38.7). Bagaman ang pagsasagawa ng pagsusuri sa pasukan ay hindi inaatas sa mga kostumer, tagapagtangkilik, o bisita sa karamihan ng hindi-pangangalagang pangkalusugang kapaligiran (non-healthcare settings), itinuturing ito na isang pinakamahusay na kasanayan na suriin ang lahat ng mga indibidwal na pumapasok sa pasilidad. Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng pandagdag na gabay para sa mga pasilidad na nagsasagawa ng pagsusuri sa pasukan. Mangyaring sumangguni sa Gabay para sa mga Negosyo at Amo (Employer) para sa iba pang mga pinakamahusay na kasanayan upang pigilan ang COVID-19.

Ang Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensyang Prebensyon sa COVID-19 (ETS) ng Cal/OSHA ay nag-aatas sa mga amo (employer) na bumuo at magpatupad ng isang proseso para sa pagsusuri ng mga empleyado para sa mga sintomas ng COVID-19 bago pumasok sa lugar ng trabaho.

Kabilang sa mga opsyon ng pagsusuri sa pasukan:

- Pagpapaubaya sa mga indibidwal na suriin ang kanilang mga sariling sintomas sa bahay bago dumating sa lugar ng trabaho (halimbawa gamit ang isang sistema ng on-line check in)
- Paggamit ng karatula sa pasukan ng lugar ng trabaho na nagsasaad na ang mga indibidwal na may mga sintomas o sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod/pagkukulong (quarantine) ay hindi dapat pumasok sa mga lugar na nasasakupan (premises)
- Pagkumpleto sa mismong lugar, harapang personal na pagsusuri

Tandaan: ang pagkuha ng aktwal na sukat ng temperatura sa punto ng pasukan ay inirerekomenda ngunit opsyonal hanggang ang proseso ng pagsusuri ay kinabibilangan ng kamakailan o kasalukuyang lagnat.

Ang mga indibidwal ay hindi dapat pumasok sa lugar ng trabaho kung sila ay:

- May mga sintomas[1] ng COVID-19
- May pinataas na temperatura ng katawan (higit sa o katumbas sa 100.4°F o 38°C)
- Kasalukuyang sumasailalim sa isang Utos sa Pagbubukod o Pagkukulong (quarantine) ng Opisyal ng Kalusugan

Tandaan: Ang mga patakaran sa pagpasok sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring mag-iba-iba. Dapat na sanggunian ng mga pasilidad ang makabuluhang Lahat ng Sulat ng Pasilidad ng CDPH [CDPH All Facility Letters] (AFLs).

[1] Ang mga sintomas ng COVID-19 ay kinabibilangan ng lagnat o panggiginaw, ubo, pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga, pakiramdam ng pagkapagod, sakit ng kalamnan o katawan, pananakit ng ulo, nananakit na lalamunan, pagkahilo o pagsusuka, pagtatae, baradong ilong o sipon, o bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy.